# PAGIGING KOMPIDENSYAL AT PAHINTULOT

Ang County (Pagpigil at Pagkontrol sa Pang-aabuso ng Sustansya [Substance Abuse Prevention and Control o SAPC]), ang network ng nagkakaloob ng paggamot nito, at iba pang mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan ay sumusunod sa mga regulasyon na nagpoprotekta sa pagiging kompidensyal ng iyong mga talaan (records) at, kung naaangkop, ng iyong pagkakakilanlan. Ang lahat ng mga nagbibigay ng serbisyo (provider) na nakikipagkontrata sa County (SAPC) ay kinakailangang magtatag ng mga patakaran at pamamaraan tungkol sa pagiging kompidensyal at sumunod sa ika-42 Titulo [Title 42], ika-1 Kabanata [Chapter I], Kabanata ng Seksyon [Subchapter] A, ika-2 Bahagi [Part 2] ng Kodigo ng Pederal na mga Regulasyon [Code of Federal Regulations], ika-2 Bahagi [Part 2] (42 CFR ika-2 Bahagi), ang mga pamantayan sa Batas ng Paglilipat at Pananagutan sa Segurong Pangkalusugan [Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPAA)], at ang batas ng Estado ng California tungkol sa pagiging kompidensyal para sa impormasyon tungkol sa iyong mga medikal na talaan, kabilang na ang mga may kaugnayan sa paggamit ng alak at droga.

May karapatan kang panatilihing kumpidensyal ang iyong mga medikal na talaan (medical record). Kung naghahanap ka o tumatanggap ng mga serbisyo para sa mga isyu na may kaugnayan sa droga o alkohol, mayroon kang karagdagang proteksyon upang masigurado na maaari kang ligtas at pribadong humingi ng mga serbisyo sa pagpapagamot at pagpapagaling ng walang takot na madungisan ang karangalan (stigma) o pag-uusig (prosecution). Ang iyong doktor, tagapagkaloob ng panggamot o ang County (SAPC) ay hindi maaaring ibunyag na ikaw ay humingi o tumatanggap ng panggamot na may kaugnayan sa paggamit ng sangkap sa mga hindi awtorisadong tao, kabilang ang iyong pamilya, mga amor, o kahit na ang pulisya nang walang wastong utos ng korte. Ang anumang impormasyon na maaaring direkta o hindi direktang makapagpatukoy sa iyo bilang mayroong kasalukuyan o nakaraang problema sa droga o alkohol, o bilang isang kalahok sa isang programa ng pagpapagamot ay protektado.

Mahalaga, gayunpaman, na balansehin ang mga batas at regulasyon na ito laban sa pangangailangan na magbigay sa iyo ng kaalaman, pinag-ugnay, at pinagsamang pangangalaga. Maaaring hilingin sa iyo ng iyong tagapagkaloog ng serbisyo na lagdaan ang naaangkop na mga forms ng pagpapalabas ng pasyente at/o pagsang-ayon, na maaaring isama ang karapatang magbahagi ng klinikal na impormasyon sa mga nauugnay na tagapagkaloog ng serbisyo sa buong mga sistema ng pangangalaga. Kabilang dito ang iba pang mga network ng paggamot, ang iyong plano sa kalusugan (hal., Anthem Blue Cross, Health Net, Kaiser Permanente, L.A. Care, Molina Health Care) o nakatalagang (mga) doktor, at iba pang mga ahensya ng County kung kinakailangan. Ang dahilan nito ay upang matulungan ang lahat na magbigay ng mas mahusay na pangangalaga para sa iyo, at tulungan kang maabot ang iyong mga layunin sa kalusugan at pagpapagaling.

Bago ibigay ng iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ang iyong impormasyon sa kalusugan sa iba, kailangan mong magbigay ng pahintulot sa pamamagitan ng sulat, karaniwan ay sa pamamagitan ng pagpirma sa isang form. May mga pagkakataon na ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring ibahagi ang impormasyon na maaaring tumukoy sa iyo bilang isang pasyente, kabilang ang mga kaso ng medikal na emerhensiya, sa pag-uulat ng mga krimen na nangyayari sa lugar ng programa o laban sa mga kawani, o sa mga kwalipikadong organisasyon na nagseserbisyo.

Mahalagang maunawaan mo ang limitasyon at saklaw ng iyong karapatan sa pagiging kompidensyal. Siguraduhing magtanong ka kung kinakailangan upang masigurado na magbibigay ka ng naiintindihang pahintulot bago lagdaan ang anumang mga form ng pahintulot.